PANDESAL 2005

Martes, Marso 1, 2005
Ika-3 Linggo ng Kuwaresma

Unang Pagbasa: Dan 3:25, 34-43
Tinapay ng Buhay: Mt 18:21-35

Tinanong ni Pedro si Jesus: “Panginoon, gaano kadalas ko naman dapat patawarin ang mga pagkukulang ng aking kapatid? Pitong beses ba?” Sumagot si Jesus: “Hindi, hindi pitong beses kundi pitumpu’t pitong beses.

Tungkol sa kaharian ng Langit ang kasaysayang ito. Isang hari ang nagpasyang pagbayarin ng utang ang kanyang mga utusan. Nang simulan niyang suriin ang kuwenta, iniharap sa kanya ang isang may utang na sampung libong baretang ginto. Dahil walang maibayad sa kanya ang tao, iniutos ng panginoon na ipagbili at maging alipin siya kasama ng kanyang asawa, mga anak at mga ari-arian bilang bayad-utang.

At nagpatirapa sa paanan ng hari ang opisyal… Naawa sa kanya ang hari at hindi lamang siya pinalaya kundi kinansela pa ang kanyang utang.

Pagkaalis ng opisyal na ito, nasalubong niya ang isa sa kanyang mga kasamahan na may utang namang sandaang barya sa kanya. Sinunggaban niya ito sa leeg at halos sakalin habang sumisigaw ng ‘Bayaran mo ang utang mo!’ Nagpatirapa sa paanan niya ang kanyang kasamahan… Ngunit tumanggi siya at ipinakulong ito hanggang makabayad ng utang.”…

Galit na galit ang panginoon kaya ibinigay niya ang kanyang utusan sa mga tagapagpahirap hanggang mabayaran nito ang lahat ng utang.

Idinagdag ni Jesus: “Ganito rin ang gagawin sa inyo ng aking Ama sa Langit kung hindi patatawarin ng bawat isa sa inyo mula sa puso ang kanyang kapatid.”

Komentaryo

Ilang beses ba tayong magpapatawad? Ito ang malimit nating tanong kagaya ng ginawa ni Pedro. Pitong beses ba? Hindi kaya’t pitumpu’t pito, o di kaya naman kung gaano karaming beses tayong pinapatawad ng Diyos? Ang talinhaga ay tungkol sa isang taong pinatawad ng hari sa kanyang napakalaking pagkakautang. Sa halip na maawa sa kanyang kapwa na may utang din sa kanya ay pilit na siningil ito. Isang napakalupit at di-makataong gawain na

patuloy pa ring nangyayari. Nakakalimutan natin ang kapatawarang palaging ibinibigay ng Panginoon - patawarin mo kami sa aming sala gaya ng pagpapatawad namin sa nagkakasala sa amin. Amen.

Miyerkules, Marso 2, 2005
Ika-3 Linggo ng Kuwaresma

Unang Pagbasa: Dt 4:1, 5-9
Tinapay ng Buhay: Mt 5:17-19

Sinabi ni Jesus: "Huwag ninyong akalain na naparito ako para pawalang-bisa ang Batas at Mga Propeta. Naparito ako hindi para magpawalang-bisa kundi upang magbigay-kaganapan. At talagang sinasabi ko sa inyo: habang hindi nababago ang langit at lupa, hindi mababago ni isang kudlit o kuwit ng Batas: lahat ay matutupad.

"Kung may lumabag sa pinakamaliit na ipinag-uutos ng Batas at magturo ng ganoon sa mga tao, ituturing din siyang pinakamaliit sa Kaharian ng Langit. Ngunit kung may magsagawa at magturo ng mga ito sa mga tao, magiging dakila siya sa Kaharian ng Langit."

Komentaryo

Si Jesus na guro ayon sa tradisyon ni Moises ay pumarito para maisakatutuparan ang batas. Sa pagbanggit ni Jesus sa kanyang pagbibigay-kaganapan sa batas, hindi niya hangad na baguhin ito o kaya'y dagdagan pa. Sa halip ay nananawagan siya sa atin na tanggapin, isaloob at isabuhay ito. Inaasahan tayo na sumunod sa mga utos at tingnan ng mas malalim ang nilalaman nito nang sa gayon ay maisabuhay ng buong puso, isip at gawa. Ang kaharian ng Diyos ay naririto na sa katauhan ni Jesus. Ipinakikilala sa atin ni Jesus na hindi ang batas ang pinakamahalaga kundi ang diwa nito.

Huwebes, Marso 3, 2005
Ika-3 Linggo ng Kuwaresma
Katharina Drexel

Unang Pagbasa: Jer 7:23-28
Tinapay ng Buhay: Lc 11:14-23

Minsa'y nagpapalayas si Jesus ng isang demonyo at ito'y pipi. Nang lumabas na ang demonyo, nakapagsalita ang pipi at namangha ang mga tao. Ngunit sinabi ng ilan sa kanila: "Pinalalayas niya ang mga ito sa tulong ni Beelzebul na pinuno ng mga demonyo."

Gusto naman ng iba na subukin si Jesus at humingi sila sa kanya ng isang tanda galing sa langit.

Alam ni Jesus ang kanilang iniisip kaya sinabi niya sa kanila: “Mabubuwag ang bawat kahariang nagkakahati-hati at magigiba roon ang mga sambahayan. Ngayon, kung nagkakahati-hati si Satanas, paano magtatagal ang kanyang kaharian? Di nga ba’t sinasabi ninyo na nagpapalayas ako ng mga demonyo sa tulong ni Beelzebul? Kung sa pamamagitan ni Beelzebul ako nagpapalayas ng mga demonyo, paano naman napalalayas ng inyong mga kaanib ang mga ito? Sila mismo ang nararapat sumagot sa inyo.

“Sa daliri ng Diyos ako nagpapalayas ng mga demonyo kaya sumapit na sa inyo ang kaharian ng Diyos. Kung sandatahang binabantayan ni Malakas ang kanyang palasyo, hindi magagambala ang kanyang mga pag-aari. Pero kung salakayin siya ng mas makapangyarihan sa kanya at talunin siya, maaagaw nito ang kanyang mga armas na kanyang inasahan at ipamamahagi ang kanyang mga ari- arian.

“Ang hindi panig sa akin ay laban sa akin, at ang hindi nagtitipong kasama ko ay nagpapangalat.”

Komentaryo

Pinagaling ni Jesus ang isang pipi, ngunit hindi natuwa ang mga tao sa kanyang ginawa. Sa halip ay pinagbintangan siyang kakampi ng demonyo. Paano naman magiging totoo ito? Maliwanag ang sinasabi ni Jesus. Pinalayas niya ang demonyo sa ngalan ng Diyos, at ito ang palatandaan na ang kaharian ng Diyos ay nasa atin, kahit hindi natin aminin. Panginoon, nawa’y piliin naming laging makapiling ka, sundin ka, at magtiwala sa iyong tulong at patnubay.

Biyernes, Marso 4, 2005
Ika-3 Linggo ng Kuwaresma
Casimiro

Unang Pagbasa: Hos 14:2-10
Tinapay ng Buhay: Mc 12:28-34

May isang guro ng Batas na nakarinig sa pagtatalo nila. Nang mapansin niyang tama ang sagot ni Jesus sa mga Sadduseo, lumapit siya at nagtanong kay Jesus: “Ano ang una sa lahat ng utos?”

Sumagot si Jesus na “Ito ang una: Makinig nawa, O Israel! Iisa lang ang Panginoong ating Diyos. At mamahalin mo ang Panginoon mong Diyos nang buo mong puso, nang buo mong kaluluwa, nang buo mong pag-iisip at nang buo mong lakas. At pangalawa naman ito:

Mamahalin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili. Wala nang utos na mas mahalaga pa kaysa mga ito.”

Kaya sinabi ng guro ng Batas: “Mabuti, Guro, totoo ang sinabi mong isa Siya at wala na maliban sa kanya. At ang mahalin siya nang buong puso at nang buong kaluluwa at nang buong lakas, at mahalin din ang kapwa gaya ng sarili ay mas mahalaga kaysa mga sinunog na handog at mga alay.”

Nakita ni Jesus na tama ang sinabi nito kaya sinabi niya: “Hindi ka malayo sa kaharian ng Diyos.” At wala nang nangahas magtanong sa kanya.

Komentaryo

Ang ebanghelyo ay tungkol sa utos at sa pagsunod sa batas ng pag-ibig. Tinanong si Jesus, “Ano ang una sa lahat ng mga utos?” Sinagot niya sa pamamaraan ng mga Judeo: “Mahalin mo ang Panginoon mong Diyos ng buo mong puso... mahalin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili” (Mk 12:30-31). Pinuri ng guro si Jesus sa pag-uugnay niya sa pagmamahal sa Diyos at kapwa. Ang mabatid ito ay hindi sapat. Ang pahayag ni Jesus ay isang payak na paanyaya upang mapalalim ang ating pananampalataya at pagsunod sa kanya tungo sa kaharian ng Diyos. Ito’y hamon para sa lahat upang ilaan ng buong-buo ang kaisipan at talino para makilala siya.

Sabado, Marso 5, 2005
Ika-3 Linggo ng Kuwaresma

Unang Pagbasa: Hos 6:1-6
Tinapay ng Buhay: Lc 18:9-14

Sinabi ni Jesus ang talinhagang ito tungkol sa ilang taong kumbinsido na mabuti sila at minamata naman ang iba: “Dalawang tao ang umakyat sa Templo para manalangin: Pariseo ang isa at publikano naman ang isa pa. Nakatayong nananala- nging mag-isa ang Pariseo. Sinabi niya: ‘O Diyos, salamat at hindi ako gaya ng ibang mga tao - mga magnanakaw, mandaraya, nakikiapid, o gaya ng kolektor ng buwis na iyan. Dalawang beses akong nag-aayuno isang linggo, nagbibigay ako ng ikapu sa lahat kong ari-arian.’

“Nasa likuran naman ang kolektor ng buwis at hindi man lang makatingala sa langit. Dinadagukan niya ang dibdib sa pagsasabing ‘O Diyos, kaawaan mo ako na isang makasalanan.’

“Sinasabi ko sa inyo na ito ang umuwing nasa grasya ng Diyos ngunit hindi ang isa. Sapagkat ibababa ang lahat ng nagpapakataas at itataas naman ang nagpapakababa.”

Komentaryo

May dalawang tauhan ang talinghagang ito: ang Pariseo na ang tingin sa sarili'y napakatuwid dahil tinutupad niya lahat ang Batas ng Diyos, ngunit bilanggo siya sa masyadong pagkabilib sa sarili; at ang Publikanong manininggil ng buwis. Inaamin niya ang pagiging makasalanan, at naghihintay ng kapatawaran. Madalas na mas pinahahalagahan natin ang panlabas na asal gaya ng Pariseo, at hindi masyadong binibigyang-pansin na sa grasya ng Diyos nagmumula ang ating kaligtasan. Kapag tayo'y nananalangin sa Diyos, tayo ba'y humaharap ng buong pagpapakumbaba, nakikita ang kanyang kabutihan at kapangyarihan, at napagtatanto na tayo'y narito dahil sa kanyang awa at habag?

Linggo, Marso 6, 2005
Ika-4 na Linggo ng Kuwaresma

Unang Pagbasa: 1 S 16:1, 6-7, 10-13

Sinabi ni Yawe kay Samuel: "Hanggang kailan mo ipagluluksa si Saul matapos ko siyang isaisantabi bilang hari ng Israel? Punuin mo ng langis ang sungay na iyong sisidlan, gusto kong puntahan mo si Jese na taga-Betlehem sapagkat pinili ko ang isa sa kanyang mga anak na lalaki para maging hari ko."…

Pinadaan ni Jese sa harap ni Samuel ang pito niyang anak na lalaki pero sinabi ni Samuel kay Jese: "Walang hinirang si Yawe sa mga ito."…

Kaya ipinasundo ito ni Jese at dinala kay Samuel.… At sinabi ni Yawe: "Sige, pahiran mo siya ng langis sapagkat ito na nga siya."…

Ikalawang Pagbasa: Ef 5:8-14

Dati nga kayong karimlan, ngunit liwanag kayo ngayon sa Panginoon; kumilos kayo bilang mga anak ng liwanag. At ang mga bunga ng liwanag ay lahat ng anyo ng kabutihan, kabanalan at katotohanan.…

Tinapay ng Buhay: Jn 9:1, 6-9, 13-17, 34-38

Sa pagdaan kay Jesus, nakita niya ang isang taong ipinanganak na bulag. Pagkasabi niya ng mga ito, lumura siya sa lupa at gumawa ng putik mula sa lura at nilagyan ng putik ang mga mata ng tao. At sinabi sa kanya: "Pumunta ka't maghilamos sa palanguyan ng Siloam (na kung isasalin ay Sinugo)." Kaya pumunta siya at naghilamos at umalis na nakakakita.

Kaya sinabi ng kanyang mga kapitbahay at ng mga dating nakakapansin sa kanyang nagpapalimos: “Di ba’t ito ang nakaupo at namamalimos?” Sinabi ng ilan: “Ito nga siya!” At sinabi naman ng iba: “Hindi! Kamukha lamang siya.” Ngunit sabi niya: “Ako siya!”

Dinala nila siya sa mga Pariseo, siya na dating bulag. Araw ng Pahinga noon nang gumawa ng putik si Jesus at nagpadilat sa kanyang mga mata. Kaya muli siyang tinanong ng mga Pariseo kung paano siya nakakita. At sinabi niya sa kanila: “Nilagyan niya ng putik ang aking mga mata at naghilamos ako at nakakita.” Kaya sinabi ng ilan sa mga Pariseo: “Hindi mula sa Diyos ang taong iyon dahil hindi niya ipinangingilin ang Araw ng Pahinga.” Ngunit sinabi naman ng iba: “Paanong magagawa ng taong makasalanan ang ganitong mga tanda?” At nahati sila.

Kaya sinabi nilang muli sa bulag: “Ikaw, ano’ng masasabi mo tungkol sa kanya pagkat mga mata mo ang pinadilat niya?” At sinabi niya: “Siya ang Propeta!”

Sumagot sila sa kanya: “Tinuturuan mo ba kami, ikaw na ipinanganak na tagos ng mga kasalanan?” At ipinagtabuyan nila siya palabas.

Narinig ni Jesus na ipinagtabuyan nila siya palabas. At pagkatagpo niya sa kanya, sinabi niya: “Nananalig ka ba sa Anak ng Tao?” Sumagot siya: “Sino po siya upang manalig ako sa kanya?” Sinabi ni Jesus: “Nakikita mo siya at siya ang nakikipag-usap sa iyo. (Aniya: “Nananalig ako, Panginoon.” At nagpatirapa siya sa kanyang paanan. At sinabi ni Jesus:)

Komentaryo

Nang magbanlaw sa lawa ang bulag na pinahiran ng laway ni Jesus, naramdaman niya ang pagpuspos ng Espiritu. Madami ang di makapaniwala at nag-usisa ng makita siya. Sa bawat pagtatanong sa kanya, lumakas ang pananalig niya sa Panginoon, hanggang sa siya ay palayasin na sa templo. Muli’y nagtagpo ang kanilang landas ni Jesus at tinanong kung siya’y nananampalataya sa anak ng Diyos. Ang lalaki ay nanalig kay Jesus at sumamba sa kanya. Panginoon, nakikita mo ang kaloob-looban ng aming mga puso - padaluyin mo ang iyong Espiritu at nawa’y manindigan kami sa katotohanan para sa lahat.

Lunes, Marso 7, 2005
Ika-4 na Linggo ng Kuwaresma
Perpetua/Felicidad

Unang Pagbasa: Is 65:17-21
Tinapay ng Buhay: Jn 4:43-54

Pagkatapos ng dalawang araw, umalis siya roon pa-Galilea. Nagpatunay nga mismo si Jesus na hindi pinararangalan ang isang propeta sa sariling bayan. Gayon pa man, pagdating niya sa Galilea, tinanggap siya ng mga Galileo dahil nasaksihan nila ang lahat ng ginawa niya sa Piyesta sa Jerusalem. Naroon nga rin sila mismo sa Piyesta.

Nagpunta siyang muli sa Kana ng Galilea, doon niya ginawang alak ang tubig. At nangyari, na ang anak na lalaki ng isang opisyal ng hari ay may- sakit sa Capernaum. Nang marinig niyang dumating si Jesus sa Galilea galing Judea, pinuntahan niya siya at ipinakiusap na lumusong at pagalingin ang kanyang anak na nasa bingit ng kamatayan.

Kaya sinabi sa kanya ni Jesus: “Hangga’t hindi kayo nakakakita ng mga tanda at mga kababalaghan, hindi kayo maniniwala.” Sinabi naman sa kanya ng opisyal: “Lumusong kayo bago mamatay ang anak ko.” At sinabi sa kanya ni Jesus: “Makauuwi ka na. Buhay ang anak mo.”

Naniwala ang tao sa salitang sinabi sa kanya ni Jesus at umuwi siya.

At habang palusong na siya, sinalubong siya ng kanyang mga alipin at sinabing buhay ang anak niya. Inalam niya sa kanila ang oras nang magsimula siyang umigi, at sinabi nila: “Kahapon po nang ala-una ng tanghali siya inibsan ng lagnat.” Kaya nalaman ng ama na ito ang oras nang sabihin sa kanya ni Jesus: “Buhay ang anak mo.” At naniwala siya at ang buo niyang sambahayan.

Ginawa ni Jesus ang ikalawang tandang ito pagkarating niya sa Galilea galing Judea.

Komentaryo

Marahang kinagalitan ni Jesus ang mga naroon dahil sa paghahanap nila ng tanda kaysa sa maniwala kaagad sa kanyang Salita at presensiya. “Hangga’t hindi kayo nakakakita ng mga tanda at mga kababalaghan, hindi kayo maniniwala”(b 48). Nagmaka-awa ang opisyal at ang anak ay napagaling. Naniwala siya sa Salita ni Jesus at ang buong pamilya ay naging mananampalataya. Gumagawa si Jesus ng mga himalang magpapatibay na sinugo siya, ngunit binigyang diin din niya na dapat sana nating makilala siya sa pagkakita at pakikinig lamang. Tayo ba ay lubos na naniniwala sa mapagpagaling na Salita ng Diyos?

Martes, Marso 8, 2005
Ika-4 na Linggo ng Kuwaresma
Juan ng Dios

Unang Pagbasa: Ezk 47:1-9, 12
Tinapay ng Buhay: Jn 5:1-3, 5-16

Umahon pa-Jerusalem si Jesus. May isang palanguyan sa Jerusalem na Betzata ang tawag sa Hebreo, malapit sa Pintuan ng mga Tupa. May limang pasilyo ito na may bubong. Nakahandusay sa mga ito ang isang pulutong ng mga maysakit, mga bulag, mga pilay at mga lumpo (habang naghihintay sa pagkilos ng tubig. At doo'y may taong tatlumpu't walong taon nang may sakit.

Pagkakita ni Jesus dito na nakahandusay at pagkaalam niya na matagal na ito roon, sinabi niya sa kanya: "Gusto mo bang umigi?" Sumagot sa kanya ang maysakit: "Wala po akong taong makapaghahagis sa akin sa palanguyan kapag nakalawkaw na ang tubig. Habang paroon pa ako, may lumulusong nang una sa akin."

Sinabi sa kanya ni Jesus: "Bumangon ka, buhatin mo ang iyong higaan at maglakad-lakad!" At dagling umigi ang tao, at binuhat niya ang kanyang higaan at naglakad-lakad.

Araw nga ng Pahinga ang araw na iyon. Kaya sinabi ng mga Judio sa taong pinagaling: "Araw ng Pahinga ngayon at di ipinahihintulot na magbuhat ka ng higaan. Sumagot siya sa kanila: "Ang nagpaigi sa akin ang siyang nagsabi sa aking "Buhatin mo ang iyong higaan at lumakad ka." Tinanong nila siya: "Sino ang taong nagsabi sa iyong 'Magbuhat at maglakad-lakad?" Ngunit hindi alam ng pinagaling kung sino siya, sapagkat nakatalilis si Jesus dahil maraming tao sa lugar na iyon.

Pagkatapos nito, natagpuan siya ni Jesus sa Templo at sinabi niya sa kanya: "Hayan, maigi ka na. Huwag ka nang magkasala pa, at baka may masahol pang mangyari sa iyo." Umalis ang tao at sinabi sa mga Judio na si Jesus ang nagpaigi sa kanya. Dahil dito, inusig ng mga Judio si Jesus sapagkat sa Araw ng Pahinga niya ginawa ang mga ito.

Komentaryo

Pinagaling ni Jesus ang lalaking tatlumpu't walong taon nang nasa lawa. "Hayan, magaling ka na. Huwag ka nang magkasala pa..." (b 14). Ipinaaalala ni Jesus sa taong maysakit na siya'y nagkasala at nagkulang ito sa pananampalataya. Tayo rin ay napapagaling ni Jesus sa pamamagitan ng kanyang pagpapatawad sa ating mga kasalanan. Madalas, di pa natin siya talagang nakikilala, at napapalayo pa tayo sa kanya lalo na kung may mga

pagsubok, hirap at sakit. Alalahanin nating hindi niya nais na pahirapan tayo. Sa halip, ang kanyang presensiya ang siyang nakakapagbigay ginhawa sa ating katawan at kalooban. Paano tayo nagpapasalamat sa kanyang kagandahang- loob at pagmamahal sa atin?

Miyerkules, Marso 9, 2005
Ika-4 na Linggo ng Kuwaresma
Francisca ng Roma

Unang Pagbasa: Is 49:8-15
Tinapay ng Buhay: Jn 5:17-30

Sinabi ni Jesus: “Gumagawa pa rin ang aking Ama kaya gumagawa rin ako.” Kaya lalo pang hinangad ng mga Judio na patayin siya dahil dito sapagkat hindi lamang niya nilalabag ang Araw ng Pahinga kundi sariling Ama pa ang tawag niya sa Diyos, at ipinapantay niya ang sarili sa Diyos.

Kaya sumagot si Jesus at sinabi sa kanila: “Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo, hindi makagagawa ng anuman sa sariling kusa ang Anak ma- liban sa nakikita niyang ginagawa ng Ama. Anuman ang gawin niya, ganoon din ang paggawa ng Anak.

“Sapagkat mahal ng Ama ang Anak, at itinuro niya sa kanya ang lahat niyang ginagawa. At mas mahalaga pang mga gawa ang itututuro niya kayat mamamangha kayo.

”Ibinabangon nga ng Ama ang mga patay at binibigyang-buhay; gayundin naman binibigyang-buhay ng Anak ang sinumang loobin niya. At hinding-hindi nga hinahatulan ng Ama ang sinuman kundi ibinigay niya sa Anak ang buong paghatol at pararangalan ng lahat ang Anak gaya ng pagpaparangal nila sa Ama. Ang hindi nagpaparangal sa Anak ay hindi nagpaparangal sa Amang nagpadala sa kanya.

“Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo na may buhay magpakailanman ang nakikinig sa aking salita at naniniwala sa nagpadala sa akin. Nakatawid na siya mula sa kamatayan tungo sa buhay, at hindi siya humahantong sa paghuhukom.…”

Wala akong magagawa sa sariling kusa. Ayon sa naririnig ko ako naghuhukom. At matuwid ang paghuhukom ko dahil hindi sariling kalooban ang hangad ko kundi ang kalooban ng nagpapadala sa akin.

Komentaryo

Makikita na ipinapahayag ni Jesus na siya ang Anak ng Diyos. Lahat ng ginagawa ng Ama, ginagawa ko, at nasa akin ang lahat ng

nasa Ama; at wala akong magagawa sa sarili lamang (b 19). Si Jesus ay modelo para sa ating lahat. Inaanyayahan din niya tayong tumingin sa Ama upang maturuan niya tayo ng kanyang mga gawa. Walang tunay na Kristiyano na hindi nananalangin. Ang panalangin ay personal na ugnayan sa Ama. Tuwang-tuwa si Jesus na iparating sa tao ang pagmamahal ng kanyang Ama. Dahil sa pagmamahal na ito, naisasantabi ang batas alang-alang sa pagpapatawad at pagpapagaling.

Huwebes, Marso 10, 2005
Ika-4 na Linggo ng Kuwaresma

Unang Pagbasa: Ex 32:7-14
Tinapay ng Buhay: Jn 5:31-47

Sinabi ni Jesus: “Kung nagpapatunay ako sa aking sarili, di mapanghahawakan ang aking patunay. Ngunit iba ang nagpapatunay tungkol sa akin at alam kong mapanghahawakan ang patunay niya tungkol sa akin. Nagpasugo kayo kay Juan at binigyang-patunay niya ang katotohanan. Ipinaaalaala ko ito para maligtas kayo; ngunit hindi ko hangad ang patunay mula sa tao. Siya nga ang ilaw na may sindi at nagniningning, at ginusto n’yong magalak pansamantala sa kanyang liwanag.…

At nagpapatunay rin sa akin ang Amang nagsugo sa akin. Kailanma’y di ninyo narinig ang kanyang tinig ni nakita ang kanyang anyo.…

Sinasaliksik ninyo ang mga Kasulatan dahil inaakala ninyong doon kayo magkakaroon ng buhay magpakailanman. Nagpapatunay nga sa akin ang mga iyon ngunit ayaw n’yong lumapit sa akin para mabuhay.

Hindi ko hangad ang papuri mula sa mga tao, ngunit kilala ko kayo: wala sa inyong sarili ang pagmamahal sa Diyos. Sa ngalan ng aking Ama ako dumating at hindi n’yo ako tinatanggap; kung sakaling may dumating sa sarili niyang ngalan, siya ang inyong tatanggapin. Paano kayo makapaniniwala kung papuri sa isa’t isa ang hangad n’yo at hindi ang papuring galing sa tanging Diyos ang hangad?

Huwag n’yong akalain na ako ang magsasakdal laban sa inyo sa harap ng Ama. Si Moises ang nagsasakdal laban sa inyo, siya na inyong inaasahan. Kung pinaniwalaan nga ninyo si Moises, paniniwalaan din sana ninyo ako sapagkat tungkol sa akin siya nagsulat. Ngunit kung hindi n’yo paniniwalaan ang kanyang mga sinulat, paano n’yo paniniwalaan ang aking mga pananalita?”

Komentaryo

Sa bawat oras ng ating pang-araw-araw na buhay, kailangan nating maniwala sa maraming bagay na di nakikita. Ngunit pinaniniwalaan natin dahil sa pagpapatotoo ng ibang tao - at naniniwala sa mga taong ito dahil sa kanilang mga salita, ugali at personal na katangian. Ngunit papaano natin malalaman ang katotohanan sa kasinungalingan? Papaano natin matutuklasan ang mga nagtuturo ng mga daan ng Diyos dahil mayroon silang karanasan ukol sa mga iyon? Sinabi ni Jesus na yaong nagmamahal sa katotohanan ay nakakakilala sa nagsasalita ng katotohanan. Sinumang naghahanap ng katotohanan at awa ay makikilala ang pagbubunyag ng Luwalhati ng Diyos sa salita at gawa ng mga inabang lingkod ng Diyos.

Biyernes, Marso 11, 2005
Ika-4 na Linggo ng Kuwaresma

Unang Pagbasa: Kar 2:1, 12-22
Tinapay ng Buhay: Jn 7:1-2, 10, 25-30

Naglibot si Jesus sa Galilea. Ayaw niyang maglibot sa Judea dahil balak siyang patayin ng mga Judio. Malapit na ang piyesta ng mga Judio, ang piyesta ng mga Kubol.

Pagkaahon ng kanyang mga kapatid sa piyesta, umahon din naman siya pero palihim at hindi lantad.

Kaya sinabi ng ilang taga-Jerusalem: “Di ba’t ito ang balak nilang patayin? Pero tingnan n’yo’t lantaran siyang nangungusap, at wala silang anumang sinasabi sa kanya. Alam nga kaya ng mga pinuno na siya ang Kristo? Pero alam natin kung saan siya galing. Ngunit pagdating ng Kristo, walang makaaalam kung saan siya galing.”

Kaya nang mangaral si Jesus sa Templo, pasigaw niyang sinabi: “Kilala n’yo nga ako at alam n’yo kung saan ako galing! Ngunit hindi ako pumarito sa ganang sarili ko. Ipinadala ako ng Totoo na hindi n’yo kilala. Kilala ko siya pagkat sa kanya ako galing at siya ang nagsugo sa akin.”

Balak nilang dakpin siya ngunit walang nagbuhat sa kanya ng kamay sapagkat hindi pa sumasapit ang kanyang oras.

Komentaryo

Madami sa nakarinig ng mga pahayag ni Jesus ang di naniwala sa kanya. Bakit? Pinapalagay nilang kilala nila siya at ang kanyang pinagmulan. Naalala ko tuloy, minsan sa isang seminar, nabanggit ng tagapag-salita na marami sa mga dumalo upang makinig sa kanya

ang sa bandang huli ay di-natuto. Mayroon daw kasi ang mga ito ng AKNY attitude. ALAM KO NA YAN. Totoo naman di ba? Kung di madalas, palagi nating pinagpapalagay na alam na natin ang isang bagay, lalo na yung may kaugnayan sa ating buhay pananampalataya. Nakalulungkot isipin, di natin napapalalim ang ating pagkakilala sa kanya. Ikaw, may AKNY ka rin ba?

Sabado, Marso 12, 2005
Ika-4 na Linggo ng Kuwaresma

Unang Pagbasa: Jer 11:18-20
Tinapay ng Buhay: Jn 7:40-53

Maraming taong nakarinig sa mga salita ni Jesus ang nagsabing: “Totoo ngang ito ang Propeta.” Sinabi naman ng iba: “Ito ang Mesiyas.” Ngunit sinabi ng iba pa: “Sa Galilea ba manggagaling ang Mesiyas? Di ba’t sinabi ng Kasulatan, na sa binhi ni David at mula sa Betlehem na nayon ni David galing ang Kristo?” Kaya nahati ang mga tao dahil sa kanya. Balak ng ilan sa kanila na dakpin siya ngunit walang nagbuhat sa kanya ng kamay.

Kaya nagbalik ang mga bantay ng Templo sa mga punong-pari at mga Pariseo, at sinabi naman ng mga ito sa kanila: “Ba’t di n’yo siya dala?” Sumagot ang mga bantay: “Kailanma’y wala pang taong nangusap gaya ng pangungusap ng taong ito.” Kaya sinagot sila ng mga Pariseo: “Nalinlang din pala kayo! May mga pinuno ba o Pariseong nanalig sa kanya? Pero ang mga taong ito na hindi alam ang Batas: mga isinumpa sila!”

Nagsalita ang isa sa kanila, si Nicodemo. Siya ang nagpunta kay Jesus noong una. At sinabi niya: “Hinahatulan ba ng ating Batas ang sinuman nang hindi muna siya dinidinig para alamin ang kanyang ginagawa?” Sumagot sila sa kanya: “Taga-Galilea ka rin ba? Saliksikin mo’t tingnan, mula Galilea’y walang lumilitaw na Propeta.”

At umuwi ang bawat isa sa kanila.

Komentaryo

Naparito si Jesus upang tayo’y mamuhay sa katotohanan. Ang tunay na katotohanan ay ang paggamit ng kalayaang mamuhay ayon sa pagtawag niya sa atin na maging tunay na mga anak ng Diyos. Saksi ng katotohanan si Jesus. Hinahamon niya tayo upang suriin ang sarili. Tayo ba’y nabubuhay na tapat at totoo? Nasa panig tayo ng katotohanan kung kumbinsido tayong mahal tayo ng Diyos at kung nasa puso natin ang pagsusumikap na magpakatotoo. Tunay na malaking konsolasyon ang isiping hindi tayo kukundinahin ni

Jesus dahil sa ating mga kasalanan, kundi gagabayan niya tayo tungo sa daan ng katotohanan.

Linggo, Marso 13, 2005
Ika-5 Linggo ng Kuwaresma

Unang Pagbasa: Ezk 37:12-14

Ito ang salita ni Yawe: Bubuksan ko ang inyong libingan. Iaahon ko kayo sa inyong mga puntod, aking bayan, at aakaying pabalik sa lupang Israel. Makikilala ninyo na ako si Yawe, O bayan ko, kapag binuksan ko na ang inyong libingan at inilabas kayo roon, kapag inilagay ko sa inyo ang aking Espiritu at nabuhay kayo. Itatatag ko kayo sa inyong lupain, at mababatid ninyo na akong si Yawe ang nagsabi at tumupad sa aking sinabi."

Ikalawang Pagbasa: Rom 8:8-11

Kayat hindi makapagbibigay-lugod sa Diyos ang mga sumusunod sa laman.

Wala nga kayo sa ilalim ng laman kundi sa espiritu dahil sa inyo nananahan ang Espiritu ng Diyos. Kung wala ang Espiritu ni Kristo sa sinuman, hindi siya kay Kristo. Nasa inyo nga si Kristo, at kahit na patay ang katawan dahil sa kasalanan, buhay naman ang espiritu dahil sa pagkamatuwid. At kung nasa inyo ang Espiritu ng nagpabangon kay Jesus mula sa mga patay, bubuhaying muli ng nagpabangon kay Kristo mula sa mga patay ang inyong mga may kamatayang katawan sa bisa naman ng kanyang Espiritung nananahan sa inyo.

Tinapay ng Buhay: Jn 11:3-7, 17, 20-27, 33-45

Kaya nagsugo ang magkapatid kay Jesus para sabihin: "Panginoon, maysakit ang iyong iniibig." Pagkarinig nito, sinabi ni Jesus: "Hindi tungo sa kamatayan ang pagkakasakit na ito kundi alang-alang sa ikaluluwalhati ng Diyos at luluwalhatiin ang Anak ng Tao sa pamamagitan nito."

Mahal ni Jesus si Marta at ang kapatid nitong babae at si Lazaro. Ngunit pagkarinig niyang may sakit ito, dalawang araw pa siyang namalagi sa lugar na iyon. Pagkaraan lamang nito saka niya sinabi sa mga alagad: "Tayo na uli sa Judea."

… Pagdating ni Jesus, apat na araw na palang nakalibing si Lazaro.

Kaya pagkarinig ni Marta na dumarating si Jesus, sinalubong niya ito. Si Maria naman ay nakaupo sa bahay. At sinabi ni Marta kay Jesus: "Panginoon, kung naririto ka, hindi sana namatay ang

kapatid ko. Ngunit kahit na ngayon, alam kong anuman ang hingin mo sa Diyos ay ibibigay sa iyo ng Diyos.”

Sinabi sa kanya ni Jesus: “Babangon ang kapatid mo.” Sinabi naman sa kanya si Marta: “Alam ko na babangon siya sa pagkabuhay sa huling araw.”

Sinabi sa kanya ni Jesus: “Ako siyang pagkabuhay (at ang buhay.) Mababuhay ang nananalig sa akin kahit na mamatay siya. Hinding-hindi mamamatay kailanman ang bawat nabubuhay at nananalig sa akin.… “Saan n’yo siya inilagay?” Sinabi nila sa kanya: “Panginoon, halika’t tingnan mo.” Lumuha si Jesus.…

Muling nabagabag ang sarili ni Jesus at dumating siya sa libingan. Isang yungib ito, at may batong nakatakip doon.… Tumingala naman si Jesus - sinabi: “Ama, pinasasalamatan kita pagkat dininig mo ako.… ”

Pagkasabi niya nito, buong-lakas siyang sumigaw: “Lazaro, halika sa labas!” Lumabas ang namatay na natatalian ng telang panlibing ang mga paa at kamay, at napupuluputan din ng panyo ang mukha niya. At sinabi ni Jesus sa kanila: “Kalagan siya nang makalakad.”

Kaya nanalig sa kanya ang marami sa mga Judiong pumunta kay Maria at nakasaksi sa kanyang ginawa.

Komentaryo

Ito ang pampito at panghuling himala ni Jesus na naitala sa ebanghelyo ni Juan. Muling nabuhay si Lazaro! Tunay na layunin ng himalang ito ang pagpapahayag sa tunay na pagkabuhay na hindi lamang pahabain ang buhay kundi baguhin ang buong pagkatao. Espirituwal ang Muling Pagkabuhay. nagsimula na ito sa pag-iiwan ng mananampalataya sa maling pamumuhay at pagtanggap niya sa buhay ng Diyos.

Lunes, Marso 14, 2005
Ika-5 Linggo ng Kuwaresma

Unang Pagbasa: Dn 13:1-9, 15-17, 19-30, 33-62
Tinapay ng Buhay: Jn 8:1-11

Pumunta si Jesus sa Bundok ng mga Olibo. Maaga siyang muli sa Templo, at naglapitan sa kanya ang lahat ng tao, at pagkaupo niya’y, nangaral siya sa kanila.

Dinala naman ng mga guro ng Batas at ng mga Pariseo ang isang babaeng huling-huli sa pakikiapid. Pinatayo nila siya sa gitna, at sinabi nila kay Jesus: “Guro, huling-huli sa akto ang babaeng ito na nakikiapid. Iniutos sa amin ni Moises sa Batas na batuhin

ang ganitong mga babae; ano naman ang sabi mo?” Sinabi nila ito bilang pagsubok sa kanya upang may maiparatang sila sa kanya.

Yumuko naman si Jesus at nagsulat sa lupa sa pamamagitan ng kanyang daliri. Nang magpatuloy sila sa pagtatanong sa kanya, tumindig siya at sinabi sa kanila: “Ang walang sala sa inyo ang unang bumato sa kanya.” At muli siyang yumuko at nagsulat sa lupa.

Ang mga nakarinig nama’y isa-isang nag-alisan mula sa matatanda, at naiwan siyang mag-isa pati ang babae na nasa gitna. Tumindig si Jesus, at sinabi sa kanya, “Babae, nasaan sila? Wala bang humatol sa iyo?” At sinabi niya: “Wala, Panginoon.” Sinabi ni Jesus: “Hindi rin kita hahatulan. Humayo ka at mula ngayo’y, huwag nang magkasala pa.”

Komentaryo

Kung nagpakita si Jesus ng gayong respeto sa makasalanan at hindi niya kinondina ito tulad ng ibang tao, nangangahulugan bang hindi niya ipinalagay na mabigat ang kasalanan? Hindi, ngunit iba ang pamamaraan ng Diyos kaysa ng tao upang mapagbago ang makasalanan at linisin siya sa pamamagitan ng paghihirap. Ang pagsasabi sa isang tao na ang kanyang idea o gawa ay mali o kasalanan ay ibang-iba sa pagkokondina agad sa kanya. Kadalasan, kinokondina natin ang isang tao, at hindi naglalaan ng palugit para sa pagbabago at awa. Hinihingi ni Jesus ang dapat subalit naroon ang awa para sa babae.

Martes, Marso 15, 2005
Ika-5 Linggo ng Kuwaresma

Unang Pagbasa: Blg. 21:4-9
Tinapay ng Buhay: Jn 8:21-30

Sinabi ni Jesus sa mga Pariseo, “Aalis ako at hahanapin ninyo ako, at sa inyong kasalanan kayo mamamatay. Kung saan ako pupunta, hindi kayo makaparoroon.” Kaya sinabi ng mga Judio: “Magpapakamatay kaya siya kaya niya sinasabing ‘Kung saan ako pupunta, hindi kayo makaparoroon’?”

At sinabi ni Jesus sa kanila: “Taga-ibaba kayo; taga-itaas naman ako. Taga-mundong ito kayo. Hindi ako taga-mundong ito. Kaya sinabi ko sa inyo na sa inyong mga kasalanan kayo mamamatay. Sa inyong mga kasalanan nga kayo mamamatay kung hindi kayo maniniwalang Ako Siya.

At sinabi nila sa kanya: “Sino ka ba?” sinabi naman sa kanila ni Jesus: “Ba’t pa kaya ako mangungusap sa inyo? Marami akong

masasabi at mahuhukuman tungkol sa inyo. Totoo nga ang nagpadala sa akin; at ang narinig ko mula sa kanya-ang mga ito ang sinasabi ko sa mundo.”

Hindi nila naintindihan na ang Ama ang tinutukoy niya. At sinabi ni Jesus: “Kapag itinaas ninyo ang Anak ng Tao, maiintindihan ninyong Ako siya at wala akong ginagawa sa ganang sarili ko kundi ayon sa iniaral sa akin ng Ama - ang mga ito ang aking sinasabi. Kasama ko nga ang nagpadala sa akin at hindi niya ako iniiwang nag-iisa pagkat lagi kong ginagawa ang mga kalugud-lugod sa kanya.”

Habang sinasabi ito ni Jesus, marami ang nanalig sa kanya.

Komentaryo

Batid ni Jesus - nababasa niya sa kanilang mga puso - na balak nilang patayin siya. Pinaalalahanan niya na sila’y mamatay sa kanilang kasalanan kung di sila maniniwalang Ako Siya. Pinahayag ni Jesus na siya ang Banal na Sugo ng Ama at ginagawa niya ang mga bagay na kalugud-lugod sa Ama. Magkagayunman, nanatiling pinid ang kanilang kaisipan at di-bumitiw sa mga pansarili nilang kaalaman. Ang pagkakasala ay di-lamang ang paggawa ng masama. Kasalanan ding maituturing ang pagkukulong natin sa mga pansariling paniniwala at makataong karunungan. Sa panahong ito, nawa’y mabuksan ang ating kaisipan sa tunay na karunungan: ang karunungan ng Diyos.

Miyerkules, Marso 16, 2005
Ika-5 Linggo ng Kuwaresma

Unang Pagbasa: Dn 3:14-20, 91-92, 95
Tinapay ng Buhay: Jn 8:31-42

Sinabi ni Jesus sa mga Judiong nanalig sa kanya: “Kung mamamalagi kayo sa aking salita, totoong mga alagad ko kayo, at maintindihan ninyo ang katotohanan, at palalayain kayo ng katotohanan.”

Sumagot sila sa kanya: “Binhi kami ni Abraham at hinding-hindi kami nagaalipin kaninuman. Paano mo masasabing ‘Palalayain kayo’?”

Sumagot sa kanila si Jesus: “Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo na alipin ng kasalanan bawat gumagawa ng kasalanan. Ngunit hindi namamalagi magpakailanman ang alipin sa bahay. Ang anak ang namamalagi magpakailanman. Kaya kung ang Anak ang nagpapalaya sa inyo, totoong magiging malaya kayo.

Alam kong binhi kayo ni Abraham. Ngunit dahil walang lugar sa inyo ang aking salita, hangad n'yo akong patayin. Ang nakita ko sa piling ng Ama ang sinasabi ko, at ang narinig n'yo naman mula sa inyong ama ang inyong ginagawa."

Kaya sumagot sila at sinabi sa kanya: "Si Abraham ang aming ama." Sinabi sa kanila ni Jesus: "Kung mga anak kayo ni Abraham, mga gawa sana ni Abraham ang inyong ginagawa. Ngunit ngayon, hangad n'yo akong patayin, na taong nagsasabi sa inyo ng katotohanang narinig ko mula sa Diyos. Hindi ito gawa ni Abraham. Mga gawa nga ng inyong ginagawa." Kaya sinabi nila sa kanya: "Hindi kami mga anak sa labas. Isang ama lamang meron kami - ang Diyos."

Sinabi sa kanila ni Jesus: "Kung ang Diyos nga ang inyong Ama, mamahalin n'yo sana ako sapagkat sa Diyos ako galing at ngayo'y naparito. Dumating ako hindi sa ganang sarili ko kundi siya ang nagsugo sa akin."

Komentaryo

May kasabihan sa ingles, "The truth shall free us." Ganito din naman ang nais ipaunawa ni Jesus sa kanila. Kailanman ay di tayo sinisi ni Jesus sa ating mga kasalanan, manapa'y sa patuloy nating pagpiling mabuhay dito. At siya ay naparito upang ipakita sa atin ang katotohanan na mag-aakay sa atin palayo sa kasalanan. Ninanais niya na ang lahat ay mabuhay sa katotohanan at maging malaya sa kamandag na dala ng pagkakasala. Kung totoong mahal natin ang Diyos ay tatanggapin natin ang katotohanang dala ni Jesus. Saan ba tayo tunay na nabubuhay, sa katotohanan o kasalanan?

Huwebes, Marso 17, 2005
Ika-5 Linggo ng Kuwaresma
Patricio

Unang Pagbasa: Gen 17:3-9
Tinapay ng Buhay: Jn 8:51-59

Sinabi ni Jesus: "Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo, kung may nagsasakatuparan ng aking salita, hinding-hindi niya papansinin ang kamatayan magpakailanman."

Kaya sinabi sa kanya ng mga Judio: "Alam na namin ngayon na may demonyo ka nga. Namatay si Abraham pati ang mga propeta at sinasabi mong 'Kung may nagsasakatuparan ng aking salita, hinding-hindi siya lalasap ng kamatayan magpakailanman.' Mas

dakila ka pa ba kaysa ama na- ming si Abraham na namatay? Nangamatay pati ang mga propeta. Sino ka ba sa akala mo?”

Sumagot si Jesus: “Kung ako ang pumupuri sa aking sarili, walang saysay ang aking papuri. Ang ama ko ang pumupuri sa akin, siya na sinasabi n’yong ‘Diyos namin.’ Hindi n’yo siya kilala pero kilala ko siya. Kung sasabihin kong hindi ko siya kilala, magiging sinungaling akong tulad n’yo. Pero kilala ko siya at isinasakatuparan ko ang kanyang salita.

“Nagalak ang inyong amang si Abraham at makikita niya ang Araw ko; nakita nga niya at siya’y natuwa.”

Kaya sinabi ng mga Judio sa kanya: “Wala ka pang limampung taon at nakita mo na si Abraham?” Sinabi sa kanila ni Jesus: “Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo, bago pa man si Abraham, ako na nga.”

Kaya dumampot sila ng mga bato para ibato sa kanya. Pero nagtago si Jesus at umalis sa Templo.

Komentaryo

Buhay ang pangako ni Jesus sa sinumang tatanggap sa kanyang Salita. At ano nga ba ang nilalaman ng kanyang mga pamamahayag: di ba’t ang malalim niyang ugnayan sa Ama? Kilala niya ang Ama ng lubusan. Ang pagkakakilalang ito ang siyang nais niyang maabot din natin. Tunay na isang napakalaking hamon para sa lahat na buksan ang puso upang tanggapin ang Mabuting Balita. Kung ito’y ating mapagtatagumpayan, di natin mararanasan ang kamatayan, bagkus makakamtan natin ang buhay na kanyang inilaan sa atin.

Biyernes, Marso 18, 2005
Ika-5 Linggo ng Kuwaresma
Cirilo ng Jerusalem

Unang Pagbasa: Jer 20:10-13
Tinapay ng Buhay: Jn 10:31-42

Dumampot ng mga bato ang mga Judio para batuhin siya. Sinagot sila ni Jesus: “Maraming mabubuting gawa mula sa Ama ang itinuro ko sa inyo. Dahil sa alin sa mga ito at binabato n’yo ako?” Sinagot siya ng mga Judio: “Binabato ka namin hindi dahil sa isang mabuting gawa kundi dahil sa paglapastangan, pagkat gayong tao ka, itinuturing mong Diyos ang iyong sarili.” Sumagot sa kanila si Jesus: “Di ba’t nasusulat sa inyong Batas:Sinabi ko, mga diyos kayo? Kaya tinawag na mga diyos ang mga kinakausap ng salitang ito ng Diyos, at hindi mapawawalang-saysay ang

Kasulatan. Kung gayon, bakit n’yo sinasabing lapastangan ako sinasabi kong Anak ako ng Diyos - ako na pinabanal ng Ama at sinugo sa mundo?

Kung hindi ko tinatrabaho ang mga gawa ng aking Ama, huwag n’yo akong paniwalaan. Kung ginagawa ko naman, kahit na hindi kayo naniniwala sa akin, paniwalaan ninyo ang mga gawa. Kaya malalaman n’yo na nasa akin ang Ama at ako’y nasa Ama.”

Kaya muli nilang pinagtangkaang dakpin siya ngunit nakatalilis siya sa kanilang kamay. At muli siyang lumayo pakabilang-ibayo ng Jordan sa lugar na pinagbibinyagan ni Juan sa simula. At doon siya namalagi. Marami ang pumunta sa kanya at kanilang sinabi: “Wala ngang ginawang tanda si Juan pero totoong lahat ang sinabi ni Juan tungkol sa kanya.” At doo’y marami ang nanalig sa kanya.

Komentaryo

“Muling dumampot ng bato ang mga Judio para batuhin siya...” (Jn 10: 31) hindi dahil sa mali ang kanyang pahayag kundi nanuot ito sa kanilang konsensiya. Ipinaharap ni Jesus kung ano at saan sila sa kanilang pananampalataya. Hinarap niya sila at tinanong kung ano ba ang katibayan nilang dakpin at patayin siya. Sino man sa atin sa panahong ito na nagsusumikap na manatili sa liwanag at magsabi ng totoo ay kinukutya at pinipintasan ng karamihan. Saan mang institusyon o kahit sa ating pamayanan, mayroon pa ring mga taong kagaya ni Jesus pero pinagtatawan sila, inaapi at pinag-uusapan. Sana maipagdasal natin na bigyan tayo ng lakas-loob na ipagtanggol ang totoo.

Sabado, Marso 19, 2005
San Jose, Kabiyak ng Mahal na Birhen

Unang Pagbasa: 2 S 7:4-5, 12-14, 16
Ikalawang Pagbasa: Rom 4:13, 16-18, 22
Tinapay ng Buhay: Mt 1:16, 18-21, 24

Si Jacob ang ama ni Jose - ang asawa ni Maria na siyang pinagmulan ni Jesus na tinawag na Kristo.

Ganito ipinanganak si Jesucristo. Ipinagkasundo na kay Jose ang kanyang inang si Maria pero bago sila nagsama bilang mag-asawa, nagdadalantao na siya gawa ng Espiritu Santo.

Kaya binalak ni Jose na hiwalayan nang lihim ang kanyang asawa. Matuwid nga siya at ayaw niya itong mapahiya.

Habang iniisip-isip niya ito, napakita sa kanya sa panaginip ang Anghel ng Panginoon at sinabi: “Jose, anak ni David, huwag kang matakot na tanggapin si Maria bilang iyong asawa. Gawa ng

Espiritu Santo kaya siya naglihi, at manganganak siya ng isang sanggol na lalaki, na pangangalanan mong Jesus sapagkat siya ang magliligtas sa kanyang sambayanan mula sa kanilang mga kasalanan.”

Kaya pagkagising ni Jose, ginawa niya ang sinabi ng Anghel ng Panginoon at tinanggap niya ang kanyang asawa.

Komentaryo

Sa araw na ito inaalala natin si Jose, kabiyak ni Maria. Ang buhay ni Jose ay may dalawang mukha: una, ang pagiging mabuting asawa at ama kay Maria at Jesus, at pangalawa, ang pagpapamalas ng malalim niyang pananalig sa Panginoon. Siya na puno ng kanyang pamilya ay buong pusong kinalinga, pinagpala at binantayan ang kanyang mag-ina. Bilang isang mananampalataya, nagtiwala at tumalima siya sa mga salita at atas ng Panginoon sa kanya. Nawa’y gawin nating huwaran sa ating pang-araw-araw na buhay at sa ating pananampalataya si Jose. Nang sa gayon ay kasihan din tayo ng Panginoon.

Linggo, Marso 20, 2005
Linggo ng Palaspas

Unang Pagbasa: Is 50:4-7

Tinuruan akong magsalita ni Yaweng Panginoon upang malaman ko ang salitang magpapasigla sa nanlulupaypay. Tuwing umaga’y ginigising niya ako upang makinig tulad ng disipulo.

Binuksan ni Yaweng Panginoon ang aking mga tainga. Hindi ako tumanggi ni umurong, ibinigay ko ang aking likod sa mga humahampas sa akin, ang aking mga pisngi sa humahaltak sa aking balbas; ni hindi ko iniiwas ang mukha sa lura at pandurusta.

Hindi ako nawalan ng pag-asa sapagkat si Yaweng Panginoon ang tumutulong sa akin. Iniharap kong parang bato ang aking mukha pagkat alam kong hindi ako mapapahiya.

Ikalawang Pagbasa: Fil 2:6-11

Nasa katayuan siya ng Diyos kaya hindi niya inambisyong makapantay ang Diyos. Sa halip sinaid pa ang sarili sa pag-aanyo niyang alipin at sa pagiging tulad ng mga tao: natagpuan nga siyang kamukha ng tao. Nagpakababa siya at naging masunurin hanggang kamatayan, hanggang kamatayan sa krus. Dahil dito itinampok siya ng Diyos at binigyan ng Pangalang mataas pa sa alinmang pangalan upang paluhod na sumamba ang lahat sa Pangalan ni Jesus sa kalangitan, sa lupa at sa kailaliman at ipahayag ng

tanang dila na Panginoon si Kristo Jesus para sa kaluwalhatian ng Diyos Ama.

Tinapay ng Buhay: Mt 27:11-54

Tumayo si Jesus sa harap ng gobernador at tinanong siya nito: “Ikaw ba ang Hari ng mga Judio?” Sumagot si Jesus: “Ikaw ang nagsasabi.”

Pinaratangan naman siya ng mga punong-pari at Matatanda pero hindi siya sumagot. Kaya sinabi sa kanya ni Pilato: “Naririnig mo ba ang marami nilang sakdal laban sa iyo?” Ngunit hindi siya umimik ni isa mang salita kaya nagtaka ang gobernador.

May kaugalian sa Piyesta na pinalalaya ng gobernador ang sinumang bilanggong gustuhin ng bayan. At may tanyag na bilanggo roon na nagngangalang Barabbas. Sa kanilang pagtitipon, nagtanong si Pilato: “Sino ang gusto ninyong pakawalan ko: si Barabbas o si Jesus na tinatawag na Kristo?” Alam nga niya na ipinadala nila sa kanya si Jesus dahil sa inggit.

Habang nakaupo sa hukuman si Pilato, nagpasabi ang kanyang asawa: “Huwag kang makialam sa matuwid na taong iyan. Labis akong pinahirapan ng panaginip ko kagabi dahil sa kanya.”

Sinulsulan naman ng mga punong-pari at Matatanda ang mga tao para hingin si Barabbas at ipaligpit si Jesus. Kaya nang tanungin uli sila ng gobernador: “Sino sa kanila ang gusto ninyong palayain ko?”, sumagot sila: “Si Barabbas.” Tinanong sila ni Pilato: “At ano ang gagawin ko kay Jesus na tinatawag na Kristo?” At nagsisagot ang lahat: “Ipako siya sa krus!” Ipinilit ni Pilato: “Ano ang kanyang kasalanan?” Ngunit lalo nilang nilakasan ang sigaw: “Ipako iyan sa krus!”

Nakita ni Pilato na wala siyang magagawa at baka magkagulo pa ang mga tao. Kaya humingi siya ng tubig at naghugas ng kanyang kamay sa harap ng mga tao habang sinasabi: “Wala akong pananagutan sa kanyang dugo. Kayo ang mananagot.” At sumagot ang lahat: “Mabuhos nawa sa amin at sa aming mga anak ang kanyang dugo.” Kaya pinalaya ni Pilato si Barabbas ngunit ipinahagupit naman si Jesus at ibinigay para ipako sa krus.…

Komentaryo

Nagsimula na ang Linggo ng Pasyon - pagpapakasakit at pag-aalay ng buhay ni Jesus. Sa mga ganitong panahon iba-iba ang paraan natin ng pagninilay. May mga nagdadasal ng taimtim, bumibisita sa mga simbahan, nagpapasyon at nananahimik. Ngunit may ilan pa rin sa ating manhid sa totoong kahulugan ng panahong ito. Tayo na makikinabang sa kanyang pag-aalay ng buhay ay

inaanyayahan na matamang pagnilayan ang mga huling araw niya sa daigdig. Sa ganitong pagkakataon, mas mauunawaan natin ang tunay na kahulugan ng kanyang pagpapakasakit at pag-aalay ng sarili sa krus. Ipanalangin natin: Panginoon, itulot po ninyong makita namin ang tunay na daan para sa aming kaligtasan.

Lunes, Marso 21, 2005
Lunes Santo

Unang Pagbasa: Is 42:1-7
Tinapay ng Buhay: Jn 12:1-11

Anim na araw bago mag-Paskuwa, pumunta si Jesus sa Betania, na kinaroroonan ni Lazaro na pinabangon ni Jesus mula sa mga patay. Kaya naghanda sila roon ng hapunan para sa kanya. Nagsilbi si Marta at kabilang naman sa mga kasalo niya ay si Lazaro. Kinuha si Maria ang isang librang mamahaling pabangong mula sa purong nardo at pinahiran ang mga paa ni Jesus at pinunasan ng kanyang buhok ang mga paa niya. At napuno ng halimuyak ng pabango ang pamamahay.

Sinabi ni Judas Iskariote na isa sa kanyang mga alagad na siyang magkakanulo sa kanya: “Ano’t di ipinagbili nang tatlundaang denaryo ang pabangong ito para maibigay sa mga dukha.” Sinabi niya ito hindi dahil may malasakit siya sa mga dukha kundi dahil magnanakaw siya; nasa kanya ang bulsa ng pananalapi at nangungupit siya sa inilalagay doon.

Kaya sinabi ni Jesus: “Pabayaan mo siya’t inilaan niya ito para sa araw ng paglilibing sa akin. Kasama ninyong lagi ang mga dukha ngunit hindi n’yo ako laging kasama.”

Marami sa mga Judio ang nakaalam na naroon siya. At dumating sila hindi dahil lamang kay Jesus kundi para makita si Lazaro na pinabangon niya mula sa mga patay.

Pinag-usapan naman ng mga punong-pari ang pagpatay pati na kay Lazaro, pagkat marami sa mga Judio ang lumilisan dahil sa kanya at nananalig kay Jesus.

Komentaryo

Napakaraming uri ng personalidad ang ating matutunghayan ngayon. Nariyan ang taong mapagpasalamat, sa katauhan ni Maria. “Kinuha ni Maria ang isang librang mamahaling pabangong mula sa purong nardo at pinahiran ang mga paa ni Jesus...” (Jn 12:3). Ito’y pag- papahayag ng taos-pusong pasasalamat sa pagbalik ni Jesus sa buhay ni Lazarus na kapatid niya. Nariyan din ang isang Judas Iscariote na ang interes ay sa materyal na bagay. Idagdag

din natin ang mga apostol na may iba't ibang pananaw at ugali. Tayo rin ay walang pinag-iba sa kanila. Sa ating payak na pamumuhay, paano natin maipapakita ang tunay na pagmamahal kay Jesus?

Martes, Marso 22, 2005
Martes Santo

Unang Pagbasa: Is 49:1-6
Tinapay ng Buhay: Jn 13:21-33, 36-38

Nakahilig sa hapag kasama ang kanyang mga disipulo, nabagabag ang kalooban ni Jesus, at nagpatunay: "Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo: ipagkakanulo ako ng isa sa inyo." Nagtinginan ang mga alagad at pinagtatakhan kung sino ang tinutukoy niya. Nakahilig sa tabi ni Jesus ang isa sa kanyang mga alagad, ang mahal ni Jesus. Kaya tinanguan ito ni Simon Pedro para usisain si Jesus kung sino ang kanyang tinutukoy.

Kaya paghilig niya sa tabi ni Jesus, sinabi niya sa kanya: "Panginoon, sino ba iyon?" Sumagot si Jesus: "Siya iyong ipagsasawsaw ko ng kapirasong tinapay at siya kong bibigyan." At pagkasawsaw ng kapirasong tinapay, ibinigay niya iyon kay Judas, anak ni Simon Iskariote. Kasunod ng kapirasong ito, pumasok sa kanya si Satanas. Kaya sinabi sa kanya ni Jesus: "Magmadali ka sa gagawin mo."

Walang nakaunawa sa mga nakahilig sa hapag kung ba't sinabi niya iyon sa kanya. Dahil nakay ni Judas ang bulsa, inakala ng ilan sa sinasabi sa kanya ni Jesus: "Bumili ka ng mga kailangan natin para sa Piyesta," o kaya'y mag-abuloy sa mga dukha.

Kaya pagkakuha niya sa kapirasong tinapay, agad siyang lumabas. Gabi noon.

Pagkalabas ni Judas, sinabi ni Jesus: "Niluwalhati na ngayon ang Anak ng Tao, at niluwalhati rin sa kanya ang Diyos. At agad naman siyang luluwalhatiin ng Diyos sa sarili nito.

Mga munting anak, sandali na lamang n'yo akong kasama. Hahanapin ninyo ako at gaya ng sinabi ko sa mga Judio sinasabi ko rin sa inyo ngayon, 'Kung saan ako papunta, hindi kayo makaparoroon.'

Sinabi sa kanya ni Simon Pedro: "Panginoon, saan ka papunta?" Sumagot si Jesus: "Hindi ka makasusunod ngayon sa akin kung saan ako papunta; susunod ka pagkatapos." Winika sa kanya ni Pedro: "Panginoon, bakit hindi ako makasusunod sa iyo ngayon? Iaalay ko ang aking buhay alang-alang sa iyo." Sumagot si Jesus: "Iaalay mo ang buhay mo alang-alang sa akin? Talagang-talagang sinasabi

ko sa iyo, hinding-hindi titilaok ang tandang hanggang makaitlo mo akong maitatuwa.

Komentaryo

Ang ebanghelyo ngayon ay tungkol sa huling pakikipagsalo at ang pagkakanulo sa kanya. "Nakahilig sa tabi ni Jesus ang isa sa Kanyang mga alagad, ang mahal ni Jesus" (Jn 13: 23). Ang hapunan ay simbolo ng pagpapalagayang-loob, at ginamit rin ni Jesus ang pagkakatong ito na tukuyin ang magkakanulo sa kanya. Inanyayahan niya si Judas na makibahagi at makilahok sa pagkakaibigang ito na tinanggihan naman ng huli. Pinaaalalahanan din tayo na ipinagkakanulo din natin si Jesus araw-araw. Sa maraming paraan natin ginagawa ito: sa pagiging duwag, sa takot na ipagtanggol ang katotohanan at mga naapi, atbp. Panginoon, tulungan n'yo po kaming maging laging tapat sa iyo.

Miyerkules, Marso 23, 2005
Miyerkules Santo
Toribio ng Mogrovejo

Unang Pagbasa: Is 50:4-9
Tinapay ng Buhay: Mt 26:14-25

Pumunta sa mga punong-pari ang isa sa Labindalawa, ang tinatawag na Judas Iskariote, at sinabi: "Magkano ang ibibigay ninyo sa akin kung ibibigay ko siya sa inyo?" Inalok nila ito ng tatlumpung baryang pilak, at mula noon, naghanap ito ng pagkakataong maipagkanulo siya.

Sa unang araw ng Piyesta ng Tinapay na Walang Lebadura, lumapit kay Jesus ang mga alagad at sinabi sa kanya: "Saan mo kami gustong maghanda ng Hapunang Pampaskuwa para sa iyo?" Sumagot si Jesus: "Puntahan ninyo ang lalaking ito sa lunsod at sabihin sa kanya: 'Sinasabi ng Guro: malapit na ang oras ko at sa bahay mo ako magdiriwang ng Paskuwa kasama ng aking mga alagad'."

At ginawa ng mga alagad ang lahat ng iniutos ni Jesus at inihanda ang Paskuwa.

Pagkalubog ng araw, nasa hapag si Jesus kasama ng Labindalawa. Habang kumakain sila, sinabi ni Jesus: "Talagang sinasabi ko sa inyo: ipagkakanulo ako ng isa sa inyo." Lubha silang nalungkot at nagtanong ang bawat isa: "Ako ba, Panginoon?"

Sumagot siya: "Ang kasabay kong nagsawsaw ng tinapay sa plato ang magkakanulo sa akin. Patuloy sa kanyang daan ang Anak ng Tao ayon sa isinulat tungkol sa kanya ngunit kawawa ang nagkakanulo

sa Anak ng Tao; mas mabuti pa para sa taong ito kung hindi na siya ipinanganak pa.” Nagtanong din si Judas na magkakanulo sa kanya: “Ako ba, Guro?” Sumagot si Jesus: “Ikaw na ang nagsabi.”

Komentaryo

Ngayong Miyerkules inaalala natin si Judas -bilang kasapi ng samahan, kabahagi maging sa huling hapunan at ang kanyang pagkakanulo kay Jesus. Maraming karanasan kung saan ang ating buhay ay natutulad ng kay Judas. Bilang mga kasapi, nandoon ang ating pakikilahok o partisipasyon sa mga gawain ng Iglesya. Gayundin naman, kabahagi tayo sa huling hapunan kung saan tinatanggap natin si Jesus bilang haligi ng ating buhay pananampalataya. Subalit masakit isipin ang ginagawa nating pagkakanulo kay Jesus. Nariyan ang paghahangad natin sa paghihirap at kamatayan ng ating kapwa, ang buhay na larawan ng Panginoon. Ikaw, nais mo rin bang ipagkanulo si Jesus gaya ni Judas?

Huwebes, Marso 24, 2005
Huwebes Santo

Unang Pagbasa: Ex 12:1-8, 11-14
Ikalawang Pagbasa: 1 Cor 11:23-26
Tinapay ng Buhay: Jn 13:1-15

Bago magpiyesta ng Paskuwa, alam ni Jesus na dumating na ang kanyang oras para tumawid mula sa mundong ito tungo sa Ama; sa pagmamahal niya sa mga sariling kanya na nasa mundo, minahal niya sila hanggang kaganapan.

Naghahapunan sila at naisilid na ng diyablo sa kalooban ni Judas na anak ni Simon Iskariote na ipagkanulo siya. Alam naman ni Jesus na ipinagkaloob ng Ama sa kanyang mga kamay ang lahat, at mula sa Diyos siya galing at sa Diyos siya pabalik.

Kaya tumindig siya mula sa hapunan at hinubad ang panlabas na damit, at pagkakuha ng tuwalya ay ibinigkis sa sarili. Pagkatapos ay nagbuhos siya ng tubig sa hugasan, at sinimulang hugasan ang mga paa ng mga alagad at punasan ng tuwalyang na-kabigkis sa kanya.

At lumapit siya kay Simon Pedro, sinabi nito sa kanya: “Pangi-noon, ikaw ba ang maghuhugas sa aking mga paa?” Sumagot si Jesus: “Hindi mo alam ngayon ang ginagawa ko pero mauunawaan mo makaraan ang mga ito.”

Sinabi sa kanya ni Pedro: “Hinding-hindi mo kailanman huhugasan ang aking mga paa.” Sumagot si Jesus sa kanya: “Kung hindi kita

huhugasan, hindi ka makababahagi sa akin.” Sinabi sa kanya ni Simon Pedro: “Panginoon, hindi lamang ang mga paa ko kundi pati na ang mga kamay at ulo.”

Sinabi sa kanya ni Jesus: “Mga paa lamang ang kailangang hugasan ng naligo na dahil malinis na ang buo niyang sarili. Malinis nga kayo pero hindi lahat.” Alam ni Jesus ang mag-kakanulo sa kanya. Dahil dito kaya niya sinabing “Hindi lahat kayo’y malinis.”

Kaya nang mahugasan niya ang kanilang mga paa, kinuha niya ang kanyang panlabas na damit at bumalik sa hapag, at sinabi niya sa kanila: “Nauunawaan n’yo ba ang ginawa ko sa inyo? Tinatawag n’yo akong ‘Guro’ at ‘Panginoon.’ At tama ang pagsasabi ninyo: ako nga. Kaya kung hinugasan ko ang inyong mga paa, akong Panginoon at Guro, gayundin kayo dapat maghugasan ng mga paa ng isa’t isa.

Isang halimbawa ang ibinigay ko sa inyo upang gawin din ninyo gaya ng ginawa ko sa inyo.

Komentaryo

May dalawang mensahe ang paghuhugas sa paa ng mga apostol: ang paghahangad ni Jesus na humarap sila sa Banal na Hapag na malinis at pagnanais niyang magpakumbaba sila tanda ng paglilingkod sa bawat isa. Ninais ni Jesus na kailangan nila ng paghahanda bago makisalo sa tinapay ng buhay sa hapag. Ang paghuhugas ng paa ay sagradong pagpapaalaala sa kanila ng pagnanais niya ng isang malinis na pagkatao bilang pagtanggap sa kanya. Gayundin si Jesus ang kusang naghugas sa kanilang mga paa upang ipakita sa kanila ang kahalagahan ng kababaang-loob at tunay na paglilingkod bilang tanda ng pagsunod sa kanya.

Biyernes, Marso 25, 2005
Biyernes Santo

Unang Pagbasa: Is 52:13-53:12
Ikalawang Pagbasa: Heb 4:14-16, 5:7-9
Tinapay ng buhay: Jn 18:1-19:42

Ang Pasyon ng Mahal na Panginoon ayon kay San Juan.

Komentaryo

Sa kanyang pagkakabayubay sa krus bago ang wakas ay binigkas niya, “Natupad na!” Totoong natupad na ang Gawa ng Anak ng Diyos, na napa-rito sa piling natin upang maisakatuparan ang pangakong pagliligtas. Mula sa kanyang dakilang pagsilang,

hanggang sa pag-inom niya sa kopa ng hapis at paghihirap, hanggang sa huling patak nito pinatunayan ng Panginoon ang walang kaparis niyang pag-ibig para sa sangkatauhan. Ang pag-ibig na ito ang siyang nagbigay ng bagong kahulugan sa buhay ng bawat nanampalataya sa kanya. Tunay na ang kanyang kamatayan ay buhay na nagligtas sa lahat.

Sabado, Marso 26, 2005
Ang Magdamagang Pagdiriwang sa Pasko ng Pagkabuhay

Unang Pagbasa: Gen 1:1-2:2
Ikalawang Pagbasa: Ex 14:15-15:1
Tinapay ng Buhay: Mt 28:1-10

Kinahapunan ng Araw ng Pahinga, sa paglabas ng unang bituin, sa unang araw ng sanlinggo, pumunta sa libingan si Maria Magdalena at ang isa pang Maria para tingnan ang libingan. Walang anu-ano'y lumindol nang malakas at bumaba mula sa langit ang Anghel ng Panginoon at nilapitan ang bato,pinagulong ito at naupo roon. Parang kidlat ang kanyang mukha at simputi ng niyebe ang kanyang damit. Nanginig naman sa takot ang mga bantay at naging parang mga patay.

Sinabi ng Anghel sa mga babae: "Huwag kayong matakot; alam kong hinahanap ninyo si Jesus na ipinako sa krus. Wala siya rito; binuhay siya ayon sa kanyang sinabi. Tingnan ninyo ang lugar na pinaglibingan sa kanya. Pumunta kayo agad ngayon at sabihin sa kanyang mga alagad na muli siyang nabuhay at mauuna sa inyo sa Galilea. Makikita ninyo siya roon. Ito ang mensahe ko sa inyo."

Agad nilang iniwan ang libingan na natatakot at labis na nagagalak, at tumakbo sila para balitaan ang kanyang mga alagad.

Nakasalubong nila sa daan si Jesus at sinabi niya: "Kapayapaan." Paglapit sa kanya ng mga babae, niyakap nila ang kanyang mga paa at sinamba siya. Sinabi naman ni Jesus sa kanila: "Huwag kayong matakot. Humayo kayo at sabihin sa aking mga kapatid na pumunta sila sa Galilea; doon nila ako makikita."

Komentaryo

Naganap lahat upang ihayag ang pamamayani ng kalooban ng Diyos. Nabuhay si Kristo, at muling nagliwanag ang buong mundo. Nasira na ang Kamatayan! Tayo'y muling nabuhay; ito ay napakahalagang biyayang kaloob sa atin ng Diyos. Bagong buhay, bagong pag-asa. Sana mula ngayon, isabuhay na natin ang muling

pagkabuhay at mailibing na lahat ang mga pait at pasakit ng nakaraan. Tayo rin ay tinawag niya upang ipahayag ang mensahe ng kanyang muling pagkabuhay. Ang mensaheng ito ay ang: "Kapayapaan" (b 9).

Linggo, Marso 27, 2005
Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay

Unang Pagbasa: Gawa 10:34, 37-43

Nagsalita si Pedro, at sinabi: "Naiintindihan ko na ngayon na talaga ngang walang kinikilingan ang Diyos.

Alam ninyo ang mga nangyari sa buong Judea, na nagsimula sa Galilea pagkatapos ng binyag na ipinangaral ni Juan. Hinirang nga ng Diyos si Jesus na taga-Nazaret sa Espiritu Santo at kapangyarihan. Saanman magpunta, siya'y gumagawa ng mabuti at nagpapagaling sa lahat ng nasa kapangyarihan ng diyablo, sapagkat sumasakanya ang Diyos. Saksi kami sa lahat ng kanyang ginawa sa lupain ng mga Judio at sa Jerusalem.

Saksi kami sa lahat ng kanyang ginawa sa lupain ng mga Judio at sa Jerusalem.

Pinatay nila siya nang ibitin siya sa punongkahoy. Ngunit binuhay siyang muli ng Diyos sa ikatlong araw at ipinakita siya; hindi sa lahat ng tao kundi sa mga saksing hinirang na noong una pa ng Diyos - kami na kumain at uminom na kasalo niya matapos na muli siyang mabuhay. Iniutos niya sa amin na mangaral sa mga tao at magpatotoo na siya nga ang hinirang ng Diyos na maging hukom ng mga buhay at ng mga patay. Siya ang tinutukoy ng lahat ng propeta nang ipahayag nilang tatanggap ng kapatawaran ng mga kasalanan sa pamamagitan ng kanyang pangalan ang sinumang sumasampalataya sa kanya.

Ikalawang Pagbasa: Col 3:1-4

Kung ibinangon nga kayong kasama ni Kristo, hanapin ninyo ang mga bagay sa itaas; naroon si Kristong nakaluklok sa kanan ng Diyos. Isipin ninyo ang mga mula sa itaas, hindi ang mga makalupa. Namatay kayo, at sa Diyos natatago ang inyong buhay kasama si Kristo. Sa pagpapakita kay Kristong buhay natin, ipakikita rin kayong kasama niya sa kaluwalhatian.

Tinapay ng Buhay: Jn 20:1-9

Pagkatapos ng Araw ng Pahinga, habang madilim pa, maagang pumunta sa libingan si Maria Magdalena, nang makita niyang tanggal ang bato mula sa libingan, patakbo siyang pumunta kay

Simon Pedro at sa isa pang alagad na mahal ni Jesus. Sinabi niya sa kanila: “May kumuha sa Panginoon mula sa libingan, at hindi namin alam kung saan nila siya inilagay.”

Kaya lumabas si Pedro at ang isa pang alagad, at pumunta sa libingan. Sabay na tumakbo ang dalawa. Ngunit mas mabilis tumakbo kay Pedro ang isa pang alagad, at unang nakarating sa libingan. Pagkayuko niya’y nakita niyang nakalatag ang mga telang linen pero hindi siya pumasok.

Dumating namang kasunod niya si Simon Pedro, at pumasok sa libingan. Napansin niya ang mga telang linen na nakalatag, at ang panyo namang nakatalukbong sa ulo niya ay di kasama sa mga telang linen na nakalatag kundi hiwalay na nakabilot sa mismong lugar nito. Pumasok noon ang isa pang alagad, ang unang nakarating sa libingan, at nakita niya at siya’y naniwala. Sapagkat hindi pa nila alam ang Kasulatan na kailangan siyang magbangon mula sa mga patay.

Komentaryo

Maaga pa ng si Maria Magdalena at mga kasama ay nagpunta sa puntod. Namangha sila sa kanilang nadatnan sapagkat ito’y nakabukas. Dagli nilang ipinaalam kay Pedro at sa iba ang kanilang nakita at kagyat silang nagsipunta sa puntod. Pumasok si Pedro, nakita ngunit hindi niya naunawaan ang mga pangyayari. Wala na ang katawan ng Panginoon! Di gaya ni Pedro ang mahal na disipulo ay naniwala. Ang kapangyarihan ng muling pagkabuhay ay unti-unti ng nauunawaan. Tayo rin ay dapat mag-umpisa sa pagpunta sa walang lamang puntod, makakita at, harinawa, ay maniwala.

Lunes, Marso 28, 2005
Oktaba sa Pasko ng Pagkabuhay

Unang Pagbasa: Gawa 2:14, 22-32
Tinapay ng Buhay: Mt 28:8-15

Agad iniwan nina Maria Magdalena at ng isa pang Maria ang libingan na natatakot at labis na nagagalak, at tumakbo sila para balitaan ang kanyang mga alagad.

Nakasalubong nila sa daan si Jesus at sinabi niya: “Kapayapaan.” Paglapit sa kanya ng mga babae, niyakap nila ang kanyang mga paa at sinamba siya. Sinabi naman ni Jesus sa kanila: “Huwag kayong matakot. Humayo kayo at sabihin sa aking mga kapatid na pumunta sila sa Galilea; doon nila ako makikita.”

Samantalang pabalik ang mga babae, nagbalik naman sa lunsod ang ilang mga bantay at ibinalita sa mga punong-pari ang lahat ng nangyari. Nakipag-usap naman ang mga ito sa mga Mata- tanda ng bayan kaya kumuha sila ng sapat na halaga at ibinigay sa mga sundalo, at tinagubilinan silang “Sabihin ninyong dumating nang gabi ang kanyang mga alagad at ninakaw ang katawan habang natutulog kayo. Kung mabalitaan ito ng gobernador, kami ang bahala sa kanya at hindi kayo magkakaproblema.” Tinanggap ng mga sundalo ang pera at ginawa ang itinuro sa kanila; at laganap pa hanggang ngayon ang kuwentong ito sa mga Judio.

Komentaryo

Nakita ng mga babae na walang laman ang puntod, sinunod ang sinabi ng mga anghel, at ipinamalita ang muling pagkabuhay ni Jesus sa mga disipulo. At sa pagsunod nila, nasalubong nila si Jesus, na nagwika ng “Kapayapaan!” Ang pagpapakita ni Jesus ang nagpabago ng mundo: “Humayo kayo at sabihin sa aking mga kapatid na pumunta sila sa Galilea; doon nila ako makikita.” Ang mga salitang “mga kapatid” ay nangangahulugan ng kapatawaran, awa at bagong buhay at kalayaan mula sa kasalanan, mula sa kamatayan patungo sa pag-asa at sa bagong kamalayan sa kinabukasan.

Martes, Marso 29, 2005
Oktaba sa Pasko ng Pagkabuhay

Unang Pagbasa: Gawa 2:36-41
Tinapay ng Buhay: Jn 20:11-18

Nakatayo namang umiiyak sa labas si Maria sa may libingan. Sa kanyang pag-iyak, yumuko siyang nakatanaw sa libingan.

At may napansin siyang dalawang anghel na nakaputi na nakaupo, isa sa may ulunan at isa sa may paanan ng pinaglagyan sa katawan ni Jesus.

Sinabi sa kanya ng mga iyon: “Ale, bakit ka umiiyak?” Sinabi niya sa kanila: “May kumuha sa Panginoon ko, at hindi ko alam kung saan siya inilagay.” Pagkasabi niya nito, tumalikod siya at napansin niya si Jesus na nakatayo pero hindi niya nakilalang si Jesus iyon.

Sinabi sa kanya ni Jesus: “Ale, bakit ka umiiyak? Sino’ng hinahanap mo?” Sa pag-aakala niyang iyon ang hardinero, sinabi niya sa kanya: “Ginoo, kung kayo ang nagdala sa kanya, sabihin n’yo sa akin kung saan n’yo siya inilagay at kukunin ko siya.”

Sinabi sa kanya ni Jesus: “Maria!” Pagkaharap niya’y sinabi niya sa kanya sa Aramaiko: “Rabbouni!” (na ibig sabihi’y Guro).

Sinabi sa kanya ni Jesus: “Huwag kang humawak sa akin sapagkat hindi pa ako nakaaakyat sa Ama. Puntahan mo ang mga kapatid ko at sabihin sa kanila: ‘Paakyat ako sa Ama ko at Ama ninyo, sa Diyos ko at Diyos ninyo.’”

Pumunta si Maria Magdalena na ibinabalita sa mga alagad: “Nakita ko ang Panginoon.” At sinabi niya ang mga sinabi sa kanya.

Komentaryo

Masyadong pinag-ukulan ng pansin ni Maria Magdalena ang paghahanap sa mga labi ni Jesus, kaya’t di niya nakita na nasa harapan niya ito. Nang tawagin ni Jesus ang kanyang pangalan, kagyat niyang naunawaan kung sino ang nasa kanyang harapan. Sinabi ni Jesus na siya ay aakyat sa kanyang Ama at dapat bitawan ni Maria ang naunang pagkakakilala niya sa kanya dahil may mas malalim pang katotohanan tungkol sa kanya. Tayo ba’y abala sa ibang bagay kayat hindi natin nakikita na may mas mahalagang iniaalay sa atin ang Panginoon? Panahon na upang tuyuin ang ating mga luha at iwan ang nakaraan - ang ating mga buhay ay para kay Kristong Buhay, sa Ama at sa Espiritu.

Miyerkules, Marso 30, 2005
Oktaba sa Pasko ng Pagkabuhay

Unang Pagbasa: Gawa 13:1-10
Tinapay ng Buhay: Lc 24:13-35

Nang araw ring iyon, dalawa sa mga alagad ang naglalakad pa-Emmaus na isang nayong mga labinlimang kilometro mula sa Jerusalem. Pinag-uusapan nila ang mga nangyari. Sa kanilang pag-uusap at pagtatalakayan, lumapit si Jesus at nakisabay sa paglakad nila pero parang may kung anong hadlang sa kanilang mga mata at hindi nila siya nakilala.

Tinanong niya sila: “Ano ba ang pinag-uusapan ninyo sa daan?” Tumigil silang mukhang malungkot. Sumagot ang isa sa kanila na nagngangalang Cleofas: “Bakit, mukhang ikaw lang ang kaisa-isahan sa Jerusalem na di alam ang mga nangyari roon nitong mga ilang araw?”

Itinanong niya: “Ano?” Sumagot sila: “Tungkol kay Jesus na taga-Nazaret. Sa paningin ng Diyos at ng buong baya’y isa siyang propetang makapangyarihan sa gawa at salita. Ngunit isinakdal siya ng aming mga punong-pari at mga pinuno para mahatulang mamatay at ipinako siya sa krus. Umaasa pa naman kaming siya ang

tutubos sa Israel ngunit ikatlong araw na ngayon mula nang mangyari ang lahat ng ito.

Sa totoo’y ginulat kami ng ilang babaeng kasama namin. Maaga silang pumunta sa libingan pero hindi nila nakita ang kanyang katawan kaya dumating sila at sinabi sa amin na nakakita pa raw sila ng aparisyon ng mga anghel na nagsabi sa kanila na buhay siya. Nagpunta rin sa libingan ang ilan sa amin at natagpuan nga nila ang sinasabi ng mga babae pero hindi nila siya nakita.”

Sinabi sa kanila ni Jesus: “Mga hindi makaunawa at mapupurol ang isip para maniwala sa lahat ng ipinahayag ng mga propeta. Di ba’t kailangang magdusa nang ganito ang Mesiyas bago pumasok sa kanyang Luwalhati?” At sinimulan niyang ipaliwanag sa kanila ang lahat ng sinasabi ng Kasulatan tungkol sa kanya, mula kay Moises hanggang sa lahat ng Propeta.

Nang malapit na sila sa nayong pupuntahan nila, parang magpapatuloy pa siya ng paglakad. Pero pinilit nila siya: “Manatili kang kasama namin dahil dapithapon na at lumulubog na ang araw.” Kaya pumasok siya at sumama sa kanila. Nang nasa hapag na siyang kasalo nila, kumuha siya ng tinapay, nagpuri at piniraso ito at ibinigay sa kanila.

At noo’y nabuksan ang kanilang mga mata at nakilala nila siya, at nawala siya sa kanilang paningin. Nag-usap sila: “Hindi ba’t nag-aalab ang ating puso nang kinakausap niya tayo sa daan at ipinaliliwanag sa atin ang mga Kasulatan?”

Noon di’y tumayo sila at nagbalik sa Jerusalem. Nakita nila roon na magkakasama ang Labing-isa at ang iba nilang kasamahan. Sinabi ng mga iyon sa kanila: “Totoo ngang binuhay ang Panginoon at napakita siya kay Simon.” At isinalaysay naman nila ang nang-yari sa daan at kung paano nila siya nakilala sa pagpipiraso ng tinapay.

Komentaryo

Ang dalawang disipulo ay lumayo sa Jerusalem dahil sa nangyaring pagkakapako sa krus at kamatayan ni Jesucristo. Nagdala ito ng kawalang pag-asa sa kanila. Ngunit sinabayan sila sa paglalakad ni Jesus at hindi sila pinabayaan. Binuksan ang kanilang mga isipan at binigyan ng panibagong pag-asa ang kanilang buhay. Makalipas ang ilang oras, nakilala nilang muli si Jesus sa paghahati-hati ng tinapay, kung saan ang kanilang isip at puso ay muling naliwanagan. Naalala nila ang lahat ng kanyang itinuro. Bumalik sila, handang harapin ang hamon ng pagdurusa at kamatayan. Ang Nabuhay na Panginoon ay naghihintay at patuloy sa pagbibigay ng bagong pag-asa sa bawat isa.

Huwebes, Marso 31, 2005
Oktaba sa Pasko ng Pagkabuhay

Unang Pagbasa: Gawa 3:11-26
Tinapay ng Buhay: Lc 24:35-48

Isinalaysay ng mga alagad ang nangyari sa daan at kung paano nila siya nakilala sa pagpipiraso ng tinapay.

Habang pinag-uusapan nila ang mga ito, tumayo siya mismo sa gitna nila (at sinabi sa kanila: “Huwag kayong matakot, sumainyo ang kapayapaan!”). Nagulat nga sila at natakot, at akala’y nakakakita sila ng kung anong espiritu. Ngunit sinabi niya sa kanila: “Bakit kayo naliligalig at pumapasok ang alinlangan sa inyong isipan? Tingnan ninyo ang aking mga kamay at mga paa, ako nga siya. Hipuin ninyo ako at unawain ninyo na walang laman at mga buto ang isang espiritu, at nakikita ninyo na meron ako.” (Matapos masabi ito, ipinakita niya sa kanila ang kanyang mga kamay at paa.)

Hindi sila makapaniwala sa labis na galak at nagtataka pa rin kaya sinabi niya sa kanila: “May makakain ba kayo rito?” At binigyan nila siya ng isang pirasong inihaw na isda (at pulot-pukyutan). Kinuha niya iyon at kumain sa harap nila.

Komentaryo

Patuloy ang kuwentuhan! Habang nag-uusap ang dalawang disipulo tungkol sa pagkakakita nila kay Jesus, naging angkop na pagkakataon ito upang pumagitna sa kanila ang nabuhay na Panginoon. Natuwa sila, ngunit natakot din sa pag-aakalang multo si Jesus. Nakikain sa kanila ang Panginoon, ipinakita ang kanyang mga sugat, dahilan upang mabuksan ang kanilang isipan tungkol sa Mabuting Balita. Ito ang nararapat sa atin - maging saksi sa Salita ng Katotohanan, ipahayag ang kapatawaran sa mga bansa, himukin ang lahat na magsisi, gunitain ang pagkapako sa krus at muling pagkabuhay ng Panginoong Diyos na siyang kasama-sama natin.